

## **Ang Programa sa Pagpapahaba sa Probisyonal na Pangangalaga Pagkatapos Manganak (Provisional Postpartum Care Extension o PPCE)**

**Simula noong Agosto 1, 2020**, pinahaba na ang pagkakasakop sa mga buntis. Puwede ninyong basahin ang benepisyo sa ibaba. Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo sa PPCE o may mga tanong kayo tungkol sa programa sa PPCE, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-750-4776** TTY: **1-800-735-2929** o i-dial ang **7-1-1**, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.

### **Seksiyon 4- Mga benepisyo at serbisyo**

---

#### **Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng Health Plan of San Mateo (HPSM)**

##### **Ang Programa sa Pagpapahaba sa Probisyonal na Pangangalaga Pagkatapos Manganak (PPCE)**

Sa pamamagitan ng Programa sa Pagpapahaba sa Probisyonal na Pangangalaga Pagkatapos Manganak (PPCE), pinapahaba ang pagkakasakop sa mga miyembro ng Medi-Cal na may kondisyon sa kalusugan ng isip bilang ina sa panahon ng pagbubuntis o pagkatapos ng pagbubuntis.

Sakop ng HPSM ang pangangalaga sa kalusugan ng isip bilang ina ng mga kababaihan sa panahon ng pagbubuntis at sa loob ng hanggang dalawang buwan pagkatapos manganak. Pinapahaba ng programa sa PPCE ang pagkakasakop na iyon nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng diagnosis o pagkatapos manganak, alinman ang mas huli.

Para maging kuwalipikado para sa programa sa PPCE, dapat kumpirmahin ng inyong doktor ang inyong diagnosis sa pagkakaroon ng kondisyon sa kalusugan ng isip bilang ina sa loob ng 150 araw pagkatapos manganak. Itanong sa inyong doktor ang tungkol sa mga serbisyong ito kung sa tingin ninyo ay kailangan ninyo ang mga ito. Kung sa tingin ng inyong doktor ay kailangan ninyo ang mga serbisyo mula sa PPCE, kukumpletuhin at isusumite ng inyong doktor ang mga form para sa inyo.